

Frances Freyberg Blackburn

## Mga Parke sa San Mateo County

**Mga reserbasyon** 650-363-4021
**Pangkalahatang impormasyon** 650-363-4020
**www.SMCoParks.org**

**Ang Departmento** ay namamahala sa mga parke, daanan, at makasaysayang lugar upang ipreserba ang mga pampublikong lupain at magbigay ng mga oportunidad para sa edukasyon at libangan. Kabilang sa mga ari-arian ng sistema ang mga parke, pinepreserbang lugar, daanan, at makasaysayang lugar na matatagpuan sa buong County at sumasaklaw sa higit 17,000 akre.

**Ang mga parke** ay kumakatawan sa kamangha-mangha at sari-saring likas na lugar ng ating rehiyon, mula sa mababatong lawa-lawaan, malalagong gubat sa bundok, at mga liblib na lugar para magkampo hanggang sa dalampasigan ng Bayfront, maaliwalas na mga lugar para sa piknik, at mga sikat na palaruan.

Nagbebenta ang Departmento ng mga tiket na magagamit sa buong taon, na nag-aalok ng walang limitasyong pagpasok sa lahat ng Mga Parke sa County sa buong taon.

## Suportahan ang inyong mga parke

**Maaari kang magboluntaryo** upang tulungan ang mga bantay-gubat na protektahan at paunlarin ang mga lupain ng parke at pagsilbihan ang mga bumibisita sa parke.

**Ang San Mateo County Parks Foundation** ay nangangalap ng pondo para pagbutihin ang kalidad ng Mga Parke sa County para sa ating komunidad. Para sa impormasyon, bumisita sa www.SupportParks.org.

## Mga Parke sa San Mateo County

**Mga likas na lugar at nakakagiliw na espasyo**

Inimprenta sa ini-recycle na papel

Nobyembre 2018

# Mga Parke sa San Mateo County



Coyote Point
Crystal Springs
Devil's Slide
Edgewood
Fitzgerald
Flood
Friendship
Huddart
Junipero Serra
Memorial
Mirada Surf
Moss Beach
Pescadero Creek
Pillar Point
Quarry
Sam McDonald
San Bruno Mountain
San Pedro Valley
Sanchez Adobe
Tunitas Creek Beach
Woodside Store
Wunderlich

Justin Knowles

SAN MATEO COUNTY PARKS

**Mga likas na lugar at nakakagiliw na espasyo**

## Mga Parke, Makasaysayang Lugar, at Daanan sa Rehiyon sa San Mateo County

**Ang aming mga parke at makasaysayang lugar** ay naghahandog ng mga oportunidad para maranasan ang iba't ibang likas na kapaligiran ng County sa pamamagitan ng pag-akyat sa bundok, pamimisikleta, pagsakay sa kabayo, pagkakaroon ng piknik, pagkakampo, pag-aaral, at mga aktibidad sa isports.

Mula sa mga lawa-lawaan sa baybayin at dalampasigan sa kahabaan ng San Francisco Bay, hanggang sa mga sinaunang gubat ng mga punong redwood at mga partikular na katutubong damuhan, mayroong mga inaalok na karanasan sa labas ng tahanan ang Mga Parke ng San Mateo County para sa iyo.



Kathy Korbholz

## Umakyat ng Bundok at Sumakay

**Humanap ng mga daanan para akyatin o daanan habang may sinasakyan sa** www.SMCoParks.org. Makikita mo rito ang detalyadong impormasyon, mga ruta, at mga larawan. Mayroong mga brochure na may mga mapa ng daanan sa mga parke.



Erin Proudfoot

## Mag-piknik at magkampo

**Mayroong mga lugar ng piknik na hindi kailangan ng reserbasyon** sa karamihan ng mga parke. Maraming parke ang mayroon ding **mga nareresерbang lugar** para sa mga grupong nagpipiknik na may higit sa 20 tao. Ang **mga lugar ng kampo** ay maaari ring ireserba. Maaari kang gumawa ng mga reserbasyon sa www.SMCoParks.org o sa pamamagitan ng pagtawag sa 650-363-4021.

## Maglakbay at Matuto

**Maaaring matuto ang mga bisita, anuman ang kanilang edad,** sa aming mga Visitor Center, sa dalawang makasaysayang lugar ng County, sa mga daanan sa kalikasan, at sa pamamagitan ng mga programa sa paggabay sa pamamasyal at mga bantay-gubat.

## Maglaro!

**Masiyahan sa mga parke – inyo ang mga iyon**. Nag-aalok ang bawat parke ng kakaibang karanasan, mula sa mga palaruan hanggang sa mga volleyball court at palaruan ng horseshoe.

## Mga oras at paggamit ng parke

**Nagbubukas ang Parke nang 8am**. Nagbabago ang mga oras ng pagsasarado ayon sa panahon, at ipinapaskil sa mga parke at sa website.

Responsabilidad ng bawat bisita na protektahan ang natural na kapaligiran ng mga parke. Huwag gambalain ang alinmang halaman o hayop. Hindi pinapahintulutan ang paninigarilyo sa mga parke.



Topher Simon




Topher Simon

# Umakyat ng bundok...
# Sumakay...
# Maglakbay...
# Mag-piknik...
# Magkampo...
# Maglaro...
# Matuto...
# at higit pa

# ...sa Mga Parke ng San Mateo County

| | Umakyat ng Bundok, Sumakay, at Maglakbay | | | | | | Piknik | | Kampo | | | | | | Maglaro | | | | | Matuto | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pag-akyat ng bundok | Pagbibisikleta | Pagsakay sa kabayo | Mga daanan sa kalikasan | Mga all-access na daanan | Pinapayagan ang mga nakatali ng aso | Hindi nangangailangan ng reserbasyon | Nirereserba / Grupo | Sasakyan / Tent / Trailer | RV (bawal ang mga hookup) | Grupo | Grupo ng kabataan | Hike-in | Hiker's Hut, kampo ng kabayo | Palaruan | Tennis | Volleyball, horseshoes | Paglangoy | Windsurfing, pagsakay sa bangka | Mga programang pang-edukasyon | Pangkomunidad na hardin | Sentro para sa bisita |
| **Coyote Point & Marina** | ● | ● | | | ● | | ● | ● | | ● | | | | | ● | | ● | ● | ● | ● | | |
| **Crystal Springs Regional Trail** | ● | ● | ● | | ● | | ● | | | | | | | | | | | | | | | |
| **Devil's Slide Trail** | ● | ● | ● | ● | ● | ● | | | | | | | | | | | | | | | | |
| **Edgewood Park & Preserve** | ● | | ● | | | | ● | | | | | | | | | | | | | ● | | ● |
| **Fitzgerald Marine Reserve** | ● | | | ● | | | | | | | | | | | | | | | | ● | | ● |
| **Flood Park** | ● | ● | | | ● | | ● | ● | | | | | | | ● | ● | ● | | | | | |
| **Friendship Park** | | | | | | | ● | | | | | | | | ● | | | | | | ● | |
| **Huddart Park** | ● | | ● | ● | ● | | ● | ● | | | ● | ● | | | ● | | ● | | | | | |
| **Junipero Serra Park** | ● | | | ● | | | ● | ● | | | | ● | | | ● | | ● | | | | | |
| **Memorial Park** | ● | | | ● | ● | | ● | ● | ● | ● | ● | ● | | | | | | ● | | ● | | ● |
| **Mirada Surf** | ● | | | | | | ● | | | | | | | | | | | | | | | |
| **Moss Beach Park** | | | | | | | ● | | | | | | | | ● | | | | | | | |
| **Pescadero Creek Park** | ● | ● | ● | | | | | | | | | | ● | | | | | | | | | |
| **Pillar Point Bluff** | ● | ● | ● | ● | | ● | | | | | | | | | | | | | | | | |
| **Quarry Park** | ● | | ● | | | ● | ● | ● | | | | | | | ● | | | | | | | |
| **Sam McDonald Park** | ● | | ● | | | | ● | | | | | ● | | ● | | | | | | | | |
| **San Bruno Mountain** | ● | ● | ● | | | | ● | | | | | ● | | | | | | | | | | |
| **San Pedro Valley Park** | ● | ● | ● | ● | ● | | ● | ● | | | | ● | | | | | | | | ● | | ● |
| **Sanchez Adobe Historic Site** | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | ● | | |
| **Woodside Store Historic Site** | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | ● | | |
| **Wunderlich Park** | ● | | ● | | | | ● | | | | | | | | | | | | | ● | | |



Topher Simon



Jack Yaco

# Mga Parke, Daanan, at Makasaysayang Lugar sa San Mateo County

## Sanchez Adobe Historic Site

Dating tahanan ni Don Francisco Sanchez, ang muling itinayong gusaling gawa sa adobe na ito ay ang pangalawang pinakamatandang gusali sa County, na itinayo sa lugar ng isang himpilan ng Mission. Maaari kang maglakbay nang sarili o kaya naman ay mag-book ng isang paglilibot na pinangungunahan ng isang gabay para sa iyong grupo sa paaralan.

## Devil's Slide Trail

Itinayo sa isang lugar na dating mapanganib na kahabaan ng Highway 1, binuksan noong 2014 ang 1.3 milyang sementadong daan na ito para sa mga sinasamahang maglakad ang aso, namamasyal, at namimisikleta. Naghahandog ito ng magagandang tanawin ng dagat at natatanging pagmamasid sa maiilap na hayop.



Frances Freyberg Blackburn

## San Pedro Valley County Park

Ang maaliwalas na kanayunang ito sa kahamugan ng baybayin ng Pacifica ay mayroong mga popular na daanan mula sa mga madaling lakaran hanggang sa mga mahirap akyatin. Mayroong mga kahanga-hangang tanawin ng Pacific Ocean ang parkeng may laking 1,000 akre.

## Moss Beach Park

Paborito ng mga pamilya sa Midcoast, ang nakakalibang na palaruan na parkeng ito ay nagtatampok ng bangka pampirata, maliit na lighthouse, mga padulasan na may mga disenyo ng dolphin, mga swing at lugar para sa habulan.



Mary DeLong

## Fitzgerald Marine Reserve

Ang dalampasigan sa Reserve ay isa sa pinakamagandang lugar ng mga lawa-lawaan sa baybayin ng San Mateo County. Bumisita kapag may low tide at obserbahan ang maraming tirahan at nilalang sa gilid ng Pacific Ocean. Maaari kang magpareserba ng ginagabayang pamamasyal para sa iyong grupo na may 10 tao o higit pa.

## Pillar Point Bluff

Sa daisdis sa timog ng Fitzgerald Marine Reserve, nagbibigay ang Pillar Point ng oportunidad sa mga umaakyat ng bundok, nagdiya-jogging, bisiklista, at sinasamahang maglakad ang kanilang aso na pagmasdan ang tanawin at pakinggan ang mga tunog ng Pacific Ocean.

## Quarry Park

Gustong-gusto ng mga pamilya ang parkeng ito sa tabi ng baybayin. Sa malawak na damuhan, mayroong mga lamesa para sa piknik, mga ihawan, at palaruan. May daanang tumutungo pataas sa mabatong lugar at sa tanawin ng Princeton Harbor.

## Mirada Surf County Park

Umakyat ng bundok, sumakay sa bisikleta, o mag-skate sa sementadong bahagi ng Coast Trail sa Miramar patungong Surfer's Beach, habang nasisiyahan sa mga tanawin ng dagat at mga burol mula sa daisdis sa sariwang baybayin.

## Tunitas Creek Beach

Matatagpuan ang malawak at mabuhanging dalampasigan na ito sa lugar kung saan nararating ng katubigan mula sa Tunitas Creek ang Pacific Ocean. Kasalukuyang walang pasilidad ang lugar na ito.

## San Bruno Mountain

Magmaneho patungo sa tugatog at makikita mo ang mga kamangha-manghang malawak na tanawin ng Mount Tamalpais, Mount Diablo, at Farallon Islands. Maaaring malibang ang mga umaakyat ng bundok sa mga iba't ibang likas na tirahan na matatagpuan sa 974 na akreng parke, kabilang ang ilang nanganganib na species ng halaman at hayop. Anuman ang panahon, masisiyahan ka sa kakaibang tanawin ng parke.

## Junipero Serra County Park

Ikaw man ay umaakyat ng bundok, nagpipiknik, o naglalaro sa mga palaruan at damuhan, masisiyahan ka sa mga tanawin ng Bay mula sa Junipero Serra. Nag-aalok ang parke ng kakaiba at magandang panlabas na lokasyon para sa mga espesyal na kaganapan at itinatampok ang pinakamataas na walang takip na padulasan sa Northern California.








Justin Knowles

## Sam McDonald County Park
## Memorial County Park
## Pescadero Creek County Park

Paglibangan at libutin ang ilan sa mga pinakanakakamanghang gubat ng redwood ng Santa Cruz Mountain sa tatlong parkeng matatagpuan sa Pescadero Creek Park Complex, na may kabuuang laking higit sa 7,600 akre. Mamangha sa mga magagandang gubat habang binabaybay ito sa pamamagitan ng paglalakad o pagsakay sa kabayo sa Sam McDonald Park, na kinabibilangan ng Heritage Grove. Bumuo ng mga di-malilimot na alaala sa pagkampo sa Memorial Park. Magpahinga sa mabatong kagubatan ng pinakamalaking parke sa County, ang Pescadero Creek Park.

## Coyote Point Recreation Area at Marina

Ang pinakadinadayong parke sa County ay nasa tabi mismo ng San Francisco Bay. Kasama sa mga popular na lugar ang Magic Mountain Playground, maliliit at malalaking lugar para sa piknik, ang CuriOdyssey na museo ng likas na kasaysayan, at isang 545-slip na marina. Kasama sa maraming daanan para sa paglalakad ang isang bahagi ng San Francisco Bay Trail. Ang tanawin ng dalampasigan ay isang magandang lugar para mag-jogging, magmasid ng ibon, at mag-windsurfing.

## Crystal Springs Regional Trail

Maglakad, tumakbo, umakyat ng bundok, magbisikleta, at maglakbay nang nakasakay sa kabayo sa 15 milya sa magkakaugnay na mga daanang ito na bumabaybay sa magandang watershed ng Crystal Springs. Maaari mong puntahan ang daanang ito sa rehiyon – at makita ang magagandang tanawin nito – mula sa iba't ibang lugar, kabilang ang maraming nagdurugtong sa magkakaugnay na daanang panlibangan.



Topher Simon

## Friendship Park

Matatagpuan sa komunidad ng Fair Oaks, ang Friendship Park ay may harding pangkomunidad na may 31 lalagyan ng halaman at isang makulay na palaruan na may mga estrukturang akyatan.

## Flood County Park

Mayroong laro para sa lahat sa Flood. Ang parkeng ito ay may mga lugar para sa tennis, baseball, at volleyball – at isang bukas na palaruan. Ang mga kamangha-manghang puno ng heritage oak ay isang magandang lugar para sa paglalaro at para sa mga malaki o maliit na pangkatang piknik.

## Edgewood County Park and Natural Preserve

Kilala ang Edgewood sa magagandang tanawin nito ng mga ligaw na bulaklak sa tagsibol, at kamangha-mangha ang mga tanawin mula sa mga mataas na lugar ng parke sa buong taon. Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa mga lupang puno ng serpentine ng ipinreserbang lugar at mga di-pangkaraniwang species sa pamamagitan ng mga interaktibong eksibit sa Bill and Jean Lane Education Center.

## Huddart County Park

Umakyat ng bundok o sumakay sa kabayo sa maraming milya ng magagandang daanan na bumabaybay sa mga gubat na puno ng punong redwood at fir. Naghahandog din ang kamangha-manghang kanayunan ng Huddart ng magagandang lugar para sa piknik at paglalaro. Maaaring magpareserba ang mga grupo ng kabataan ng mga lugar pangkampo para sa mga magdamagang paglalakbay.

## Woodside Store Historic Site

Libutin ang makalumang tindahang ito na puno ng mga bagay na sumasalamin sa abalang negosyo noong kalagitnaan ng 1800, na nagsisilbi sa mga magtotroso, magsasaka, at panday. Matuto tungkol sa mahalagang panahong ito – at baka makahanap din ng ilang mga bagay na mabibili.



Frances Freyberg Blackburn

## Wunderlich County Park

Ang simpleng katiwasayan ng Wunderlich County Park at ang muling itinayong makasaysayang Folger Stable ay nagpapaalala ng naunang panahon. Ang karamihan ng mga di-nagagalaw na gubat at kaligiran ng burol ng Parke ay mayroong mga daanan para iyong akyatin o daanan habang nakasakay sa kabayo.